

1

Ang Komedya ni Chester

Pasuray-suray na lumabas sa pintuan ng bistro si Chester. Pa-cool pa siyang nagpaalam sa *bouncer* para itago ang sobrang pagkalango niya sa alak.

“Sige, pare, una na ’ko. Magkita-kita na lang tayo sa *prayer meeting* mamaya!” pabiro niyang sigaw.

Iyon nga lang, ni hindi man lang siya pinansin ng *bouncer* na pinagpaalaman niya. Hindi pinansin si Chester Martinez, ang sikat na bokalista ng *amateur band* na *Juan The Mad*.

Kinakapa-kapa ni Chester ang bulsa ng pantalon niya para kuhanin ang susi ng luma at halos papasa nang bulok na kotse niyang nakaparada sa di kalayuan. Pagbukas niya ng pinto ng sasakyan ay agad siyang umupo sa loob at pangiti-ngiting nagsindi ng sigarilyo.

“Shet! Lasing na ’ko. Whew!” Kinamot-kamot niya ang kanyang ulo saka inihilamos ang isang kamay sa mukha. Napapabuntong-hiningang pinigil niya ang kalungkutang nadarama sabay hithit sa sigarilyo.

Kinapa niya ang *ignition* ng susi, at nang maisuot iyon doon ay nagulat siya sa sobrang lakas na pagbukas ng radyo niya sa kotse. “Ah, shit!”

Hindi niya pinatay ang radyo at sa halip ay nakisabay pa sa indak ng *rock music* na tugtog, saka pinaandar ang makina. Itinuloy niya ang paghithit sa sigarilyo habang nagmamaneho. Hindi pa siya nakakalayo nang bumuhos ang napakalakas na ulan.

Itinapon niya ang sigarilyo sa labas ng bintana at pumili ng ibang tugtog sa radyo, iyong tipong *senti* at *cheesy* ba.

Huminga si Chester nang malalim. Malayong-malayo ang tingin niya habang nagmamaneho. May lungkot sa kanyang mga mata at parang mayroon siyang mabigat na dinadala. Hindi na niya makayanan ang lungkot kaya inihinto niya agad ang sasakyan sa tabi ng *highway*.

Binusinahan siya ng *driver* ng kotseng nasa likuran niya. Isang malutong na mura ang sinabi ng *driver* kay Chester nang mag-*overtake* ito saka humarurot sa gitna ng basang-basang kalsada na halos wala nang sasakyan ang makikita dahil disoras na ng gabi.

Lumabas si Chester mula sa kotse. Hindi niya ininda ang ulan. Tumakbo siya papunta sa pilapil na katabi ng *highway* at sumuka roon. Tumindi pa lalo ang ulan.

Sa isip ni Chester, sa mga sandaling iyon puwede na siguro

siyang umiyak—dahil sa tindi ng ulan, wala nang makakapuna sa luha niya.

Napaluhod siya saka bumulong ng paulit-ulit na, “Tangina, tangina!”

Bumuntong-hininga si Chester saka hinawi ang kanyang buhok. Kinusot-kusot niya ang mga mata at saka tumayo. Sa paghakbang niya ay nadapa siya nang bahagya. Tumayo siyang muli at dagling pinunasan ang bakas ng luha sa kanyang mga pisngi habang walang tigil ang ulan.

Makalipas ang ilang segundo ay naglakad na siya uli pabalik sa kanyang kotse. Nagmaneho siya uli na ang tanging kasama ay ang mga ilaw sa daan at mga patak ng ulan.

Sa wakas nakauwi rin ng bahay si Chester. Pinatay niya ang makina ng kotse at bumaba siya dala ang susi. Kinuha niya ang isa pang susi mula sa kanyang bulsa at binuksan ang *main door* ng bahay nila. Kabisadong-kabisado niya ang daan papunta sa kuwarto niya kahit madilim ang paligid. Binati si Chester ng *wall clock* niya sa kuwarto na animo’y nagsasabing, “Alas cuatro na!”

Tiningnan niyang isa-isa ang mga bagay-bagay na nasa loob ng kuwarto niya kahit madilim at puro anino lang ang maaaninag. Ayaw niyang buksan ang ilaw. Una niyang pinagmasdan ang kama niyang di nakaayos. Pagkatapos ay tinitigan niya ang sahig na punung-puno ng mga lumang *song hits* na nakakalat, dalawang kabinet na kalahati lang ang pagkakasara, mga maruruming damit

sa mesa kasama ng *oil*, *deodorant*, pang-ahit at isang gitarang sira ang isang *string* na siya namang nakapatong sa upuan. Parang nahiya siya sa sarili niya at walang nasabi kundi, "Tsk."

Lumabas siya at pumunta sa nakabukas na kuwarto ng nanay at tatay niya. Napangiti siya nang kaunti dahil sa nakita niyang pagkakayakap ng tatay niya sa kanyang nanay habang natutulog. Di niya kasi nakikitang mag-*labing-labing* ang mga ito sa harap nilang magkakapatid.

Medyo gumilid na naman ang luha sa mga mata niya kasabay ng pakiramdam ng kalungkutang di maintindihan kung saan nanggagaling at bakit. Lumunok nang kaunti si Chester at tahimik na isinara ang pinto ng silid ng mga magulang at pumunta sa kabilang kuwarto. Bukas din ang pinto roon.

Sinilip niya si Cholo na nakahiga sa kama. Kinakamot ni Cholo ang pisngi habang nahihimbing at bahagyang tumutulo ang laway sa kasarapan ng tulog.

Nagulat si Chester nang may pabulong na nagsalita mula sa kabilang kama.

"Kuya, magsu-*suicide* ka ba?" Nilapitan ni Chester ang *gradeschooler* niyang kapatid na si Pecha at umupo sa kama nito.

"Hindi, 'no? Masama 'yun!" Medyo tumawa si Chester.

Pupungas-pungas na nagtanong ulit si Pecha. "Eh, ba't mo kami sinisilip habang natutulog? Di ba ang mga taong may *death*

wish, ganyan ang ginagawa?"

"Saan mo naman nakuha 'yang *idea* na 'yan?" tanong niya.

"Hello? Sa TV kaya," sagot ni Pecha.

"Ikaw talaga. Alam ba ni Mama kung anu-ano 'yang pinapanood mo?" Itinuloy niya ang *peptalk* sa nakababatang kapatid. "Huwag gagaya sa mga napapanood mo sa TV, ha. Sige na. Matulog ka na uli." Binatak na ni Pecha ang kumot nito habang naglakad na palabas ng silid si Chester.

"Ikaw din, Kuya, matulog ka na," pahabol nito. "Saka maligo ka mamaya, ha? Ang baho mo na, kadiri!"

Inamoy ni Chester ang *T-shirt* niya pagkalabas. Medyo napangiti siya sa sinabi ng bunsong kapatid.

Sa paglakad papunta sa sariling kuwarto, biglang nakaramdam siya ng pagkahilo. Gusto pa sana niyang labanan ang antok at pagod mula sa gimik niya kanina pero di na niya nagawa. Napatingin siya sa maliit na krus na nakasabit sa uluhan ng kanyang higaan. Pagkatapos niyon, umikot na ang kanyang paningin at nag-*black-out* na siya pabagsak sa kama niya.

May isang ibon na humuhumi sa bintana ng kuwarto ni Chester. Kasama ng huni ng ibon ang ingay ng takure at mantikang tumitilamsik na nanggaling sa kusina nila. Patalon-talon ang ibon sa bintana. Parang na-*curious* ito at sinisipat ang

himbing na himbing pa na si Chester.

Si Chester ay may makipot na baba, mukhang chinito, *angelic*, kayumanggi at payat. Kung tipo mong manood ng *Korean series*, tiyak patok na patok sa iyo ang hitsura niya.

Palipad-lipad ang ibon. Mukhang pati ito ay nakapansin sa malalaking paa ni Chester na may suot pang medyas ang isa. Medyo nakanganga pa nang bahagya ang binatang natutulog.

Gumalaw pakaliwa ng kama si Chester at hindi inaasahang nahulog. Malakas ang pagkakalagapak niya sa sahig kaya napalipad na ang ibon.

“Aray.” Parang *zombie siyang* tumayo mula sa pagkakahulog sa kama at dumerecho sa banyo para umihi. Kinilig-kilig pa siya habang nakatapat sa salamin sa tapat ng lababo.

Hinahanap niya ang sepilyo niya habang inaayos ang *zipper* ng kanyang pantalon.

Toothpaste lang ang nakita niya kaya bumulong siya at nagkibit balik, “Okay na ’to.”

Nilagyan niya ng kaunting *toothpaste* ang isang daliri niya saka *nag-fingerbrush*.

Naghilamos siya nang konti. Binasa-basa rin niya ang buhok mula sa gripo sabay kinausap ang sarili sa salamin,

“Not bad, huh. Not bad.” Kinindatan pa niya ang sarili saka

ngumiting parang isang *Mr. Guwapo* contestant. Buti na lang at may pang-rockista talaga siyang *appeal*.

Bumalik uli siya sa kuwarto at hinarap ang *cabinet* niyang ubod nang gulo. Pumipili siya ng bagong *T-shirt* at nang makita ang *type* niya ay inamoy niya ang kanyang kilikili.

Napamukhasim si Chester at nagsabing, “Ooosssh!” sabay iwas-amoy sa sarili niyang kilikili.

Nagpahid siya ng kaunting *deodorant* sa magkabilang kilili sabay suot ng malinis na *T-shirt*. Hinubad niya ang pantalong suot pati na rin ang *briefs* saka tumalikod para maghanap ng *fresh undies* sa *cabinet*.

Hindi siya makahanap ng kahit isang piraso kaya pumunta siya sa may *hamper* at *mag-a-attempt* kumuha roon ng medyo malinis-linis pa. Inamuy-amoy niya ang ilan sa mga iyon at umiling. “Kuu! Ano bang amoy ’to?”

Binalikan niya ang hinubad niyang *briefs* para *i-side-B* na lang iyon habang nasa isip ang katuwirang: “Eh, ano? Mas malinis ’to, eh!”

Isinuot niya ang malinis at bagong kuhang pantalon saka nagmamadaling isinuot ang *Converse* niyang luma. Kinuha niya ang isa sa mga *notebooks* na nakakalat sa sahig at agad tinungo ang kusina.

Nasa hapag-kainan na ang lahat ng miyembro ng pamilya

ni Chester. Sumusubo na ng *hotdog* at sinangag ang *chubby highschooler bro* niya na si Cholo. Naglalagay ng kanin sa plato niya si Pecha habang ang tatay nila ay nagbabasa ng dyaryo. Abala pa rin ang nanay nila sa pagluluto ng itlog.

Isa-isang hinalikan ni Chester ang miyembro ng pamilya niya. Simula kay Nanay, Tatay, Pecha at nagtapos kay Cholo na mukhang nandidiri sa kuya nito.

“Good morning, everybody! What a beautiful day!”

Natulala saglit ang lahat kay Chester maliban kay Pecha na sumusubo na ng pagkain. Ang ilalagay sanang itlog ng nanay niya sa plato ay nahulog ulit sa kawali. Nabitawan naman ng tatay niya ang binabasa nitong dyaryo. Si Cholo ay panay pa rin ang pahid sa pisngi nito.

“Goodbye, everybody! Kitakits mamaya. May jamming po ang banda. Kina Jeffrey na ako kakain, Ma! I lab you, guys!”